Pinagtibay
06/30/20
Brotman/Devine
Lahat Oo

**RESOLUSYON NO.** 20-92

**RESOLUSYON NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE, CALIFORNIA NA NAG-AAMENDA AT NAGPAPALAWIG SA IPINATUPAD NA RESOLUSYON NA NAG-ISYU NG PAMPUBLIKONG KAUTUSAN KAUGNAY NG MORATORYUM SA RESIDENSIYAL NA PAGPAPAALIS SA ILALIM NG PANG-EMERHENSIYANG AWTORIDAD NG LUNGSOD NG GLENDALE TUNGKOL SA COVID- 19; AT PARA SA MGA KAUGNAY AT NAAYON SA BATAS NA MGA LAYUNIN**

**Samantalang,** ang internasyonal, nasyonal, estado, at lokal na pangkalusugan at mga pampamahalaang awtoridad ay tumutugon sa paglaganap ng sakit sa paghinga na sanhi ng Coronavirus Disease 2019 (COVID -19), isang malubhang sakit sa paghinga sanhi ng isang bagong coronavirus. Ang sintomas ng virus ay may kasamang lagnat, ubo, at kakapusan sa paghinga, at ang mga nahawaang mga tao ay nakakaranas ng iba'-ibang pakiramdam, mula sa banayad na sakit hanggang sa malubhang karamdaman at kamatayan; at

**Samantalang**, noong Marso 4, 2020, ang Gobernador ng Estado ng California ay nag-deklara ng "state of emergency" upang makapaglagay ng mga karagdagang resources, ipagtibay ang mga aksyong pang-emerhensiya na isinasaayos sa maraming mga ahensya at kagawaran ng estado, at tulungan ang Estado na maghanda para sa mas malawakang pagkalat ng COVID-19, at

**Samantalang**, noong Marso 4, 2020, ang Board of Supervisors ng Los Angeles County at ng Department of Public Health ay nagdeklara ng lokal at pampublikong emerhensiyang pangkalusugan bilang tugon sa pagtaas ng pagkalat ng coronavirus sa buong bansa; at

**Samantalang,** noong Marso 13, 2020, idineklara ng Pangulo ng Estados Unidos ng Amerika ang isang pambansang emerhensiya at ipinahayag na ang pamahalaang pederal ay gagawa ng pondong pang-emerhensiya upang matulungan ang estado at ang mga lokal na pamahalaan sa pagpigil sa pagkalat at pagtugon sa mga epekto ng COVID-19; at

**Samantalang**, noong Marso 16, 2020, ang Konseho ng Lungsod ng Glendale, alinsunod sa Glendale Municipal Code Kabanata 2.84, at sa pamamagitan ng Resolusyon 20-28 ay nagdeklara ng lokal na emerhensiya at ipinatupad ang pagsasara ng at paglimita sa pagpasok o pagpunta sa ilang takdang pampublikong mga establisimiyento; at

**Samantalang,** noong Marso 18, 2020, naglabas ang Direktor ng Serbisyong Pang-emerhensiya ng Pambulikong Kautusan Blg. 3, na nagpapatupad ng moratoryong nagbabawal sa pagpapaalis sa residensiyal at komersyal na umuupa dahil sa hindi pagbabayad ng upa dahil sa COVID-19, at ang nasabing Kautusan noong Marso 24, 2020 ay binago, inaprubahan at pinalawig ng Konseho ng Lungsod at nagdagdag ng probisyong 14 na araw na nakasulat na paunawa para sa moratoryo sa ebiksiyon; at

**Samantalang,** noong Marso 27, 2020, naglabas ang Gobernador ng isang Ehekutibong Kautusan (N-37- 20), na nagpapahaba sa panahon upang ang residensiyal na umuupa ay makatugon sa pagpapaalis sa pamamagitan ng pagbigay ng sulat bago ang takdang petsa ng pagbabayad ng upa o hindi lalampas sa pitong araw pagkatapos nitong hindi bayaran ang upa dahil sa COVID-19. Sa ilalim ng Kautusan ng Gobernador, ang nangungupahan ay kinakailangan lamang na magbigay ng dokumentasyon sa nagpapaupa na ang dahilan ay kaugnay sa COVID-19 sa oras ng pagbabayad ng hindi mabayarang upa, na may ligal na epekto

na mapalitan ang 14 na araw na nakasulat na pahintulot ng Lungsod; at

**Samantalang,** noong Abril 6, 2020, ang California Judicial Council (CJC) - ang awtoridad pang-administratibo sa mga korte ng estado - ay naglabas ng isang emerhensiyang kautusang nagbabawal sa pagbibigay ng ligal na pagpapatawag (summon) para sa ebiksiyon hanggang 90 araw pagkatapos i-deklara ng Gobernador ang emerhensiyang estado na may kaugnayan sa COVID-19 na pandemya ay maalis, maliban na lamang kung ang pagpapaalis ay para sa kalusugan at kaligtasan at pagpapatuloy ng kasalukuyang kaso na na di baba sa 60 araw; at

**Samantalang,** noong Abril 8, 2020, naglabas ang Direktor ng Serbisyong Pang-emerhensiya ng Pambulikong Kautusan Blg. 6, na binago ang Patakarang Moratoryum ng Ebiksiyon sa pagsasailalim ng mga ito sa Ehekutibong Kautusan ng Gobernador ukol sa ersidensiyal na ebiksiyon at sa kautusan ng Judicial Council ng California na nag-aantala sa mga paglilitis sa pagpapaalis at nagbabawal din sa mga nagpapaupa na sumingil o magkolekta ng mga di nabayarang singil o interes sa hindi bayad na upa, o gumawa ng hakbang na makaka-harrass sa pagtatangkang mangolekta ng ipinagpaliban na upa; at

**Samantalang,** noong Abril 14, 2020, ang Konseho ng Lungsod sa pamamagitan ng Resolusyon Blg. 20-41, pinagtibay at pinalawig ang Pampublikong Kautusan Blg. 6 sa pamamagitan ng pagpapalawig ng panahon ng pagbabayad sa Moratoryum ng Pagpapaalis mula sa 6 na buwan hanggang 12 buwan at pinalawig ang pampublikong kautusan sa Moratoryum ng Ebiksiyon hanggang Mayo 31, 2020, at noong Mayo 12, 2020, ay pinalawig itong muli hanggang Hunyo 30, 2020, sa ilalim ng Resolusyon 20-53;

**Samantalang,** ang Estado ng California at County of Los Angles ay dahan-dahang nagluluwag sa ipinatutupad na mga restriksiyon sa Stay at Home, at Safer at Home, Work and in the Community na naglilimita sa paspasok ng mga tao sa trabaho tulad ng retail at mga restawran, bars, gawaan ng alak at breweries, fitness facilities at mga establisimyento para sa personal na pangangalaga;

**Samantalang**, sa kabila ng dahan dahang pagluluwag ng mga kautusan sa ilalim ng Safer at Home, Work and in the Community, maraming mga negosyo ang patuloy na nakararanas ng malaking pagkalugi dulot ng pagsasara ng mga negosyo o mga paghihigpit, pagkawala ng oras ng trabaho o sweldo, o pagtanggal sa trabaho na may kaunayan sa COVID -19, na nagpapahina sa kanilang abilidad na makabayad ng renta, na maaring maging dahilan ng pagpapaalis sa kanila; at

**Samantalang,** ang mga mapanganib na kondisyon ay patuloy na umiiral at kinailangan ang pagpapalawig ng pagpapatupad mga naunang resolusyon at pampublikong kautusan at magpatupad ng karagdagang proteksiyon para mapangalagaan ang pampublikong kalusugan at kaligtasan.

**NAPAGKASUNDUAN NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE na:**

SEKSIYON 1. Resolusyon Blg. 20-53, may kinalaman sa emerhensiyang pampublikong kautusan na nag-uutos ng moratoryum sa pagpapaalis sa mga residensiyal na naninirahan, ay pinapalawig gaya ng sumusunod:

> Moratoryum sa Pagpapaalis sa mga Residenisyal na Nangungupahan. Para magbigay ng kaluwagan at proteksiyon sa mga residente ng Glendale sa walang katulad na emerhensiyang panahong ito, ang pagpigil sa pagpapaalis sa mga residensiyal na naninirahan ay pinapalawig hanggang Hulyo 31, 2020.

SEKSIYON 2. Kung ang anumang probisyon ng Pampublikong Kautusang ito o ang aplikasyon nito ay pinawalang bisa ng isang korte na may karampatang hurisdiksiyon, ang pagpapawalang bisang ito ay hindi makakaepekto sa ibang probisyon, seksiyon, o aplikasyon ng Kautusan o Resolusyong ito na maaaring patuloy na ipatupad kahit na wala ang pinawalang bisang probisyon o aplikasyon, at nangangahulugang ang bawat parirala, seksiyon, pangungusap o salita ay dinedeklarang maaaring tanggalin.

SEKSIYON 3. Ang anumang paglabag sa Pampublikong Kautusan sa itaas ay maaaring isangguni sa Tanggapan ng City Attorney para sa pag-uusig sa ilalim ng Municipal Code Chapter 1.20 ng Glendale na nagbibigay ng multa na hindi hihigit sa $1,000 o pagkabilanggo ng hindi hihigit sa anim na buwan. Ang bawat indibidwal na opisyal ay dapat gumamit ng kaniyang pagpapasiya sa pagpapatupad ng kautusang ito at dapat laging isaisip ang layunin nito. Ang mga paglabag ay maaari ding mapagtibay ng probisyon ng Municipal Code Chapter 1.24 ng Glendale, na nagpapatupad, kasama ng iba pang mekanismo ng pagpapatupad na nakasaad doon, ng multang $400 para sa unang paglabag, $1000 para sa pangalawang paglabag, at $2000 para sa pangatlong paglabag.

SEKSIYON 4. Ang Resolusyong ito at ang mga kaukulang kautusan ay hindi pumapalit sa anumang mas mahigpit na limitasyong ipinatutupad ng County of Los Angeles o Estado ng California.

Pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale ngayong ika 30 araw ng Hunyo, 2020.

Mayor

ATTEST:

City Clerk

Attest – Patunay
City Cleark - Kawani ng Lungsod

ESTADO NG CALIFORNIA )
COUNTY NG LOS ANGELES ) SS.
LUNGSOD NG GLENDALE )

Ako si, Aram Adjemian, City Clerk ng Lungsod ng Glendale, ay nagpapatunay na ang nauunang Resolusyon Blg. 20-92 ay pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale, California, sa isang regular na pagpupulong na ginanap noong ika-30 ng Hunyo 2020 at ito ay pinagtibay ng mga sumusunod na boto:

Oo: Brotman, Devine, Kassakhian, Najarian, Agajanian
Hindi: Wala
Hindi Dumalo: Wala
Hindi Bumoto: Wala

City Clerk

Kawani ng Lungsod

APP OVEO AS TO FORM

~~crrFoi=fNEY~~

DATE *b(3r>/-:U-;=*

Pinagtibay
06/30/20
Najarian/Brotman
Lahat Oo

**RESOLUSYON NO.** 20-93

**RESOLUSYON NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE, CALIFORNIA, NA NAGPAPALAWIG SA NAUNANG RESOLUSYON NA NAG-ISYU NG PAMPUBLIKONG KAUTUSAN TUNGKOL SA PAGTATAAS NG RESIDENSIYAL NA RENTA SA ILALIM NG PANG-EMERHENSIYANG AWTORIDAD NG LUNGSOD NG GLENDALE TUNGKOL SA COVID-19; AT PARA SA IBA PANG LAYUNGING KAUGNAY AT AYON SA BATAS**

**Samantalang,** ang internasyonal, pambansa, estado, at lokal na awtoridad sa kalusugan at pampamahalaang awtoridad ay tumutugon sa paglaganap ng sakit sa paghinga na sanhi ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang matinding sakit sa paghinga na sanhi ng novel (bagong) coronavirus. Kabilang sa mga sintomas ng virus ay lagnat, ubo, at kapos na paghinga, at ang mga nahawang indibidwal ay nakakaranas ng iba't ibang pakiramdam mula sa banayad hanggang sa malubhang pagkakasakit at kamatayan; at

**Samantalang**, noong Marso 4, 2020, ang Gobernador ng Estado ng California ay nag-deklara ng "state of emergency" upang makapaglagay ng mga karagdagang resources, ipagtibay ang mga aksyong pang-emerhensiya na isinasaayos sa maraming mga ahensya at kagawaran ng estado, at tulungan ang Estado na maghanda para sa mas malawakang pagkalat ng COVID-19; at

**Samantalang**, noong Marso 4, 2020, ang Board of Supervisors ng Los Angeles County at ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan ay nag-deklara ng lokal at pampublikong pangkalusugang emerhensiya upang tumugon sa tumaas na paglaganap ng corona virus sa buong bansa; at

**Samantalang**, noong Marso 13, 2020, idineklara ng Pangulo ng Estados Unidos ng Amerika ang pambansang emerhensiya at inihayag na ang pamahalaang pederal ay magkakaroon ng pondong pang-emerhensiya na gagamitin sa pagtulong sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan sa pagpigil sa pagkalat at pagtugon sa mga epekto ng COVID-19; at

**Samantalang,** noong Marso 16, 2020, ang Konseho ng Lungsod ng Glendale, alinsunod sa Glendale Municipal Code Kabanata 2.84, ay nagpahayag ng pagkakaroon ng lokal na emerhensiya at iniutos ang pagsasara at paglilimita sa pagpasok sa ilang mga pampublikong establisimiyento; at

**Samantalang,** noong Marso 24, 2020, ang Konseho ng Lungsod, sa pamamagitan ng Resolusyon Blg. 20-33 ay pinalawig ang mga naunang mga kautusan hanggang Abril 30, 2020 at nagpatupad ng pagtigil ng renta sa mga yunit na hindi saklaw ng pagtigil ng rent asa ilalim ng Costa-Hawkins Rental Housing Act (sa mga yunit na ginawa bago Pebrero 1, 1995, single family homes at mga indibidwal na condominium yunit); at

**Samantalang,** noong Marso 25, 2020, ang Direktor ng Serbisyong Pang

Emerhensiya ay naghayag ng Pampublikong Kautusan Blg. 5, na nagsabing ang kautusang pagtigil sa pagtaas ng renta na ginamit upang ipatigil ang pagtaas ng renta kahit na ang paunawa sa pagtaas ng renta ay naibigay na, at ang sinumang nagpapaupa na nagnanais na magtaas ng renta ay kinakailangang magbigay ng bagong paunawa sa pagtaas ng renta matapos ang pagka-epektibo ng Kautusan;

**Samantalang,** noong Abril 14, 2020, ang Konseho ng Lungsod, sa pamamagitan ng Resolusyon Bilang 20-41 na pinagtibay ng Pampublikong Kautusan Blg. 5 tungkol sa walang pagtataas ng renta or rent freeze at pagpapalawig nito hanggang Mayo 15, 2020, at noong Mayo 12, 2020, sa ilalim ng Resolusyon Blg. 20-56, ay pinalawig ng Konseho ng Lungsod hanggang Hunyo 30, 2020;

**amantalang**, sa kabila ng dahan dahang pagluluwag ng mga kautusan sa ilalim ng Safer at Home, Work and in the Community, maraming mga negosyo ang patuloy na nakararanas ng malaking pagkalugi dulot ng pagsasara ng mga negosyo o mga paghihigpit, pagkawala ng oras ng trabaho o sweldo, o pagtanggal sa trabaho na may kaunayan sa COVID -19, na nagpapahina sa kanilang abilidad na makabayad ng renta at nakapagpapahirap na magbayad pa ng anumang karagdagang renta; at

**Samantalang,** ang mga mapanganib na kondisyon ay patuloy na umiiral at kinailangan ang pagpapalawig ng pagpapatupad mga naunang resolusyon at pampublikong kautusan at magpatupad ng karagdagang proteksiyon para mapangalagaan ang pampublikong kalusugan at kaligtasan.

**NAPAGKASUNDUAN NG KONSEHO NG SIYUDAD NG GLENDALE na:**

SEKSIYON 1. Resolusyon Blg. 20-56, na may kaugnayan sa pampublikong emerhensiyang kautusan na umipigil sa pagtaas ng renta sa mga residensiyal na tirahan ay pinapalawig hanggang Hulyo 31, 2020.

SEKSIYON 2. Kung ang anumang probisyon ng Pampublikong Kautusang ito o ang aplikasyon nito ay pinawalang bisa ng isang korte na may karampatang hurisdiksiyon, ang pagpapawalang bisang ito ay hindi makakaepekto sa ibang probisyon, seksiyon, o aplikasyon ng Kautusan o Resolusyong ito na maaaring patuloy na ipatupad kahit na wala ang pinawalang bisang probisyon o aplikasyon, at nangangahulugang ang bawat parirala, seksiyon, pangungusap o salita ay dinedeklarang maaaring tanggalin.

SEKSIYON 3. Ang anumang paglabag sa Pampublikong Kautusan sa itaas ay maaaring isangguni sa Tanggapan ng City Attorney para sa pag-uusig sa ilalim ng Municipal Code Chapter 1.20 ng Glendale na nagbibigay ng multa na hindi hihigit sa $1,000 o pagkabilanggo ng hindi hihigit sa anim na buwan. Ang bawat indibidwal na opisyal ay dapat gumamit ng kaniyang pagpapasiya sa pagpapatupad ng kautusang ito at dapat laging isaisip ang layunin nito. Ang mga paglabag ay maaari ding mapagtibay ng probisyon ng Municipal Code Chapter 1.24 ng Glendale, na nagpapatupad, kasama ng iba pang mekanismo ng pagpapatupad na nakasaad doon, ng multang $400 para sa unang paglabag, $1000 para sa pangalawang paglabag, at $2000 para sa pangatlong paglabag.

SEKSIYON 4. Ang Resolusyong ito at ang mga kaukulang kautusan ay hindi pumapalit sa anumang mas mahigpit na limitasyong ipinatutupad ng County of Los Angeles o Estado ng California.

Pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale ngayong ika 30 ng Hunyo, 2020.

Mayor

ATTEST:

City Clerk

CITY ATTORNEY

DATE 6/30/2020

**APPROVED AS TO FORM**

Attest: Patunay
City Clerk – Kawani ng Lungsod
City Attorney – Abodago ng Lungsod
Approved as to Form – Inaprubahan Bilang Form

ESTADO NG CALIFORNIA )
COUNTY NG LOS ANGELES ) ss.
LUNGSOD NG GLENDALE )

Ako si, Aram Adjemian, City Clerk ng Lungsod ng Glendale, ay nagpapatunay na ang naunang Resolusyon Blg. 20-93 ay pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale, California, sa kanilang regular na pagpupulong na ginawa noong ika 30 araw ng Hunyo, 2020, at ito ay pinagtibay ng mga sumusunod na boto:

Oo: Brotman, Devine, Kassakhian, Najarian, Agajanian

Hindi: Wala

Hindi Dumalo: Wala

Hindi Bumoto: Wala

City Clerk

Kawani ng Lungsod

Pinagtibay
06/30/20
Devine/Najarian
Lahat Oo

**RESOLUSYON BLG.** 20-94

**RESOLUSYON NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE, CALIFORNIA, NA NAGPAPALAWIG NG NAUNANG RESOLUSYON NA NAGHAHAYAG NG PAMPUBLIKONG KAUTUSAN UKOL SA TAKIP SA MUKHA SA ILALIM PANG-EMERHENSIYANG AWTORIDAD NG LUNGSOD NG GLENDALE TUNGKOL SA COVID-19; AT PARA SA IBA PANG LAYUNING KAUGNAY AT AYON SA BATAS**

**Samantalang,** ang internasyonal, pambansa, estado, at lokal na awtoridad sa kalusugan at pampamahalaang awtoridad ay tumutugon sa paglaganap ng sakit sa paghinga na sanhi ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang matinding sakit sa paghinga na sanhi ng novel (bagong) coronavirus. Kabilang sa mga sintomas ng virus ay lagnat, ubo, at kapos na paghinga, at ang mga nahawang indibidwal ay nakakaranas ng iba't ibang pakiramdam mula sa banayad hanggang sa malubhang pagkakasakit at kamatayan; at

**Samantalang,** noong Marso 4, 2020, ang Gobernador ng Estado ng California ay nag-deklara ng "state of emergency" upang makapaglagay ng mga karagdagang resources, ipagtibay ang mga aksyong pang-emerhensiya na isinasaayos sa maraming mga ahensya at kagawaran ng estado, at tulungan ang Estado na maghanda para sa mas malawakang pagkalat ng COVID-19; at

**Samantalang,** noong Marso 4, 2020, ang Board of Supervisors ng Los Angeles County at ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan ay nag-deklara ng lokal at pampublikong pangkalusugang emerhensiya upang tumugon sa tumaas na paglaganap ng corona virus sa buong bansa; at

**Samantalang,** noong Marso 13, 2020, idineklara ng Pangulo ng Estados Unidos ng Amerika ang pambansang emerhensiya at inihayag na ang pamahalaang pederal ay magkakaroon ng pondong pang-emerhensiya na gagamitin sa pagtulong sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan sa pagpigil sa pagkalat at pagtugon sa mga epekto ng COVID-19; at

**Samantalang,** noong Marso 16, 2020, ang Konseho ng Lungsod ng Glendale, alinsunod sa Glendale Municipal Code Kabanata 2.84, ay nagpahayag ng pagkakaroon ng lokal na emerhensiya at iniutos ang pagsasara at paglilimita sa pagpasok sa ilang mga pampublikong establisimiyento; at

**Samantalang**, ang mga pagsisikap na isinagawa ng mga mamamayan ng Estado ng California, County ng Los Angeles at Lungsod ng Glendale sa nakalipas na ilang buwan upang mabawasan ang pagkalat ng corona virus ay nagpakita ng sapat na tagumpay kaya ang Health Officer ng County ay patuloy na nagpapahintulot sa maingat, at dahan-dahang pagbalik ng maraming negosyo, social, at iba pang mga aktibidad; at

**Samantalang,** habang ang Lungsod ay naglalapat ng mga karagdagang bahagi ng

muling pagbubukas, ang pakikisalamuha ng mga tao sa kapwa ay tataas, na lilikha ng pagtaas ng panganib ng pagkalat ng virus, at ang isa sa mga pinakamalakas na proteksiyon ay tayo, bilang isang lipunan, ay patuloy na gumamit ngTakip sa Mukha; at

**Samantalang,** may malaking ebidensiyang pang-agham na nagpapakitang kapag isinama saang pagdistansiya sa kapwa tao at pagsasagawa ng iba pang mga hakbang pangkalusugan at pangkaligtasan gaya ng paghuhugas ng kamay at regular na pag-disinfect ng mga bagay, pagsusuot ng Takip sa Mukha ay nagpapahintulot ng pagbalik ng mga karagdagang akitibidad sa pinakaligtas na paraan, at habang tayo ay mas lumalabas sa komunidad, dapat tayong magkaroon ng mga karagdagang hakbang upang maprotektahan ang mga nakapaligid sa atin. Sa paggawa nito, hindi lamang natin pinoprotektahan ang ating kapwa sa ating komunidad kundi maging ang ating sarili at ang ating mga mahal sa buhay, lalo na yaong mga nasa panganib dahil sa kanilang edad o kundisyung pangkalusugan; at

**Samantalang,** sa pamamagitan ng pagseseguro na ang mga tao sa pangkalahatan ay nagsusuot ng Takip sa Mukha kapag nasa publikong lugar, ang Lungsod ay mas may kakayanang magpatuloy sa pagbubukas ng mga negosyo at magbalik ng mga aktibidad sa mas ligtas na paraan para sa kabutihan ng lahat, at dahilan sa mga bagay na ito, ang Kautusang Pampubliko tungkol sa Takip sa Mukha ay binabago upang matugunan ang mga kaganapan sa pagtaas sa dami ng mga aktibidad; at

**Samantalang,** sa kasalukuyan ang mga pampublikong opisyal pangkalusugan ng County ng Los Angeles at Estado ng California ay nag-uutos ng paggamit ng mga pantakip sa mukha, na may limitadong eksepsiyon, kapag nasa publikong lugar.

**PINAGTITIBAY NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE na:**

SEKSIYON 1. Ang Emerhensiyang Kautusang Pampubliko na nagpapatupad ng paggamit ng pantakip sa mukha, na ipinag-uutos ng Resolusyon Blg. 20-41 at 20-62, ay pinapalawig hanggang hanggang Hulyo 31, 2020.

SEKSIYON 2. Kung ang anumang probisyon ng Kautusang Pampubliko na ito o ang aplikasyon nito ay pinawalang bisa ng isang korte na may karampatang nasasakupan, ang pagpapawalang bisa na ito ay hindi makakaepekto sa ibang probisyon, seksiyon, o aplikasyon na Kautusan o Resolusyon na ito na maaaring makapagbigay ng epekto kahit na wala ang pinawalang bisa na probisyon o aplikasyon, at sa ganoon ngang pangyayari ang bawat phrase, seksiyon, pangungusap o salita ay dinedeklarang pwedeng tanggalin.

SEKSIYON 3. Ang anumang paglabag sa Pampublikong Kautusan sa itaas ay maaaring isangguni sa Office of the City Attorney para sa paguusig sa ilalim ng Municipal Code Chapter 1.20 ng Glendale na nagbibigay ng multa na hindi hihigit sa $1,000 o pagkabilanggo ng hindi hihigit sa anim na buwan. Ang bawat indibidwal na opisyal ay dapat gamitin ang kaniyang pagpapasiya sa pagpapatupad ng kautusan na ito at dapat laging isaisip ang layunin ng kautusan. Ang mga paglabag ay maaari din na mapagtibay ng probisyon ng Municipal Code Chapter 1.24 ng Glendale, na nagpapataw, kasama ng iba pang mekanismo ng pagpapatupad na nakasaad doon, ng multang $400 para sa unang paglabag, $1000 para sa pangalawang paglabag, at $2000 para sa pangatlong paglabag.

SEKSIYON 4. Ang Resolusyon na ito at ang mga kaukulang kautusan ay hindi sinasapawan ang anumang mas mahigpit na limitasyon na ipinatutupad ny County of Los Angeles o ng Estado ng California.

Pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale ngayong ika 30 ng Hunyo, 2020.

Mayor

ATTEST:

City Clerk

CITY ATTORNEY

DATE 6/30/2020

**APPROVED AS TO FORM**

Attest: Patunay
City Clerk – Kawani ng Lungsod
City Attorney – Abodago ng Lungsod
Approved as to Form – Inaprubahan Bilang Form

ESTADO NG CALIFORNIA )<br>
COUNTY NG LOS ANGELES ) SS.<br>
LUNGSOD NG GLENDALE )

Ako si, Aram Adjemian, City Clerk ng Lungsod ng Glendale, ay nagpapatunay na ang naunang Resolusyon Blg. 20-94 ay pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale, California, sa kanilang regular na pagpupulong na ginanap noong ika 30 ng Hunyo, 2020, at ito pinagtibay ng mga sumusunod na boto:

Oo: Brotman, Devine, Kassakhian, Najarian, Agajanian<br>
Hindi: Wala<br>
Hindi Dumalo: Wala<br>
Hindi Bumoto: Wala

City Clerk

Pinagtibay
06/30/20
Devine/Najarian
Lahat Oo

**RESOLUSYON NO.** 20-95

**ISANG RESOLUSYON NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE, CALIFORNIA, NA NAGPAPALAWIG SA NAUNANG RESOLUSYON NA NAGBIBIGAY NG PAMPUBLIKONG KAUTUSANG AL FRESCO DINING SA ILALIM NG PANG-EMERHENSIYANG AWTORIDAD NG LUNGSOD NG GLENDALE TUNGKOL SA COVID -19; AT PARA SA IBANG KAUGNAY NA LAYUNIN NA NAAAYON SA BATAS**

**Samantalang,** noong Marso 16, 2020, ang Konseho ng Lungsod ng Glendale, alinsunod sa Glendale Municipal Code Kabanata 2.84, ay nagpahayag ng pagkakaroon ng lokal na emerhensiya. Ito ay kinailangan dahil sa paglaganap ng sakit sa paghinga na sanhi ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang matinding sakit sa paghinga na sanhi ng novel (bagong) coronavirus. Kabilang sa mga sintomas ng virus ay lagnat, ubo, at kapos na paghinga, at ang mga nahawang indibidwal ay nakakaranas ng iba't ibang pakiramdam mula sa banayad hanggang sa malubhang pagkakasakit at kamatayan. Ang bilang ng mga kumpirmadong kaso ay nagpatuloy sa pagtaas nang malaki sa loob ng maikling panahon. Ang Centers for Disease Control and Prevention ay nagpayo na ang COVID -19 ay kumakalat sa mga tao galing sa kapwa tao at nagpalabas ng mga tuntunin na nagrerekomenda sa mga taong sumunod sa mga patakaran at mga gawang magpapanatili ng social distancing hanggat maaari. Bilang karagdagan, noong Marso 16, 2020, and Konseho ng Lungsod ay nag-utos din ng pagsasara at paglimita sa paggamit ng ilang natukoy na mga establisyemento;

**Samantalang,** ang Lungsod ng Glendale ay lalo pang nagpaigting ng pagsisikap upang mapanatili ang kalinisan ng kamay, ang pamantayan sa paghinga, at ang social distancing. Lubhang kritikal na ginagawa namin bilang isang Lungsod ang lahat ng aming makakaya upang pigilan ang mabilis na paglaganap sa komunidad at maiwasan ang aumang makapagpapahirap sa aming sistemang medikal. Upang makatulong sa pagsisikap ng lungsod, sa ilalim ng mga pang-emerhensiyang awtoridad na ipinagkaloob sa Director ng Emergency Services alinsunod sa Kabanata 2.84 ng Glendale Municipal Code upang gumawa at mag-isyu ng mga patakaran at regulasyon sa mga bagay na makatuwirang may kaugnayan sa proteksyon ng buhay at pag-aari na naaapektuhan ng naturang emerhensiya, ipinag-uutos na ang isang serye ng panSamantalangng paghihigpit na ipatupad sa ilang mga establisimiento sa buong Lungsod ng Glendale kung saan ang malaking bilang ng mga tao ay may posibilidad na magtipon at manatiling malapit sa isa't isa;

**Samantalang**, noong Marso 4, 2020, ang Board of Supervisors ng Los Angeles County at ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan ay nag-deklara ng lokal at pampublikong pangkalusugang emerhensiya upang tumugon sa tumaas na paglaganap ng corona virus sa buong bansa; aat ipinatupad ng Konseho ng Lungsod ng Gledale ang Resolusyon Blg. 20-29 na ayon sa mga kautusan ng County na Safer at Home, na nagsara ng lahat ng dine-in na mga serbisyo at restawran, maliban sa delivery at take-out.

**Samantalang,** noong Mayo 15,2020, ang Resolusyon Blg. 29-29 ng Glendale – patungkol sa mga restawran, bars, nightclubs etc –ay nagtapos at ang mga nasabing negosyo at aktibidad ay patuloy na kinokontrol sa ilalim ng mga kautusang Safer at Home na

ipinatutupad ng County.

**Samantalang,** noong Mayo 26, 2020 binago ang Safer at Home Orders upang pahintulutan ang bahagyang pagbubukas ng mga restawran para sa mga dine in at mga bilihan sa loob ng mga tindahan kung masusunod nila ang mga ginawang alituntunin;

**Samantalang** ang Lungsod ng Glendale ay gumagawa ng mga hakbang upang direktang makatulong sa lokal na ekonomiya bilang tugon sa epekto sa kabuhayan na dala ng COVID -19 sa pamamagitan ng pagbuo ng Busines Recovery Task Force at pakikipagpulong sa higit sa 40 kapitalista na kumakatawan sa mga importanteng sangay ng negosyo sa Glendale, kasama ang retail, hospitality, mga opisina at tagapangalaga ng kalusugan.

**Samantalang,** pinag-aaralan ng mga miyembro ng Task Force ang mga paraan kung saan masusuportahan ng Lungsod ang mga lokal na negosyo, kabilang ang mga rekomendasyon na kasama ang pagpapatupad ng Al Fresco program na nagbubukas ng mga pribadong lugar paradahan, paradahan sa kahabaan ng kalsada at mga sidewalk para sa karagdagang kainan sa labas at potensiyal na lugar bilihan sa hinaharap ("Al Fresco Program"); at

**Samantalang,** ang pagpapatupad ng Al Fresco Program ay pakikinabangan ng mga negosyo sa Lungsod at mga residente sa pamamagitan ng pagtulong sa mga restawran na mapalawak ang pagkain sa labas upangmapabilis ang pagbangon ng ekonomiya habang dahan-dahang ipinapatupad ang mga kautusan sa ilalim ng Reopening Safer at Work and in the Community;

**Samantalang,** sa pamamagitan ng kapangyarihan na ipinagkaloob alinsunod sa Chapter 2.84 ng Municipal Code ng Glendale, ang Director of Emergency services ay nagpalabas ng pang emerhensiyang kautusang pampubliko upang suportahan ang Al Fresco Program;

**PINAGTITIBAY NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE na:**

SEKSIYON 1. Ang pang Emerhensiyang Kautusang Pampubliko Blg. 10 ay pinagtitibay at magpapatuloy ang bisa hanggang August 31, 2020.

A. Para sa mga negosyo na binago ang paraan ng pagnenegosyo bilang tugon sa COVID -19 at nangangailangan ng pansamantalangng sertipikasyon ng occupancy permit para mapatupad ang mga pagbabagong yaon sa operasyon, ang bayad sa permiso ay tinatanggal para sa pansamantalangng paggamit na ginagawa sa panahon ng lokal na emerhensiya kung kinakailangan gaya ng sumusunod:

- **Pansamantalangng Sertipikasyon ng Occupancy Permit – Kailangan para sa mga kahilingang magamit ang mga pribadong lugar paradahan upang magkaroon ng kainan sa labas: Ang bayad ay may pinakamababang $166 kada oras. Karaniwang sinisingil ay 3 hanggang 4 na oras.**
  - Note: Ang bayad ay tinatanggal para sa mga negosyong nag-aaply ng pagtanggal sa upa dahilan sa COVID -19, (Halimbawa, ang ibang aplikante na nag-aaply para sa PanSamantalangng Sertipikasyon ng occupancy para sa mga gawaing bukod sa paggawa ng kainan sa labas ay kailangan na magbayad ng kaukulang bayarin.)

- Ang Permiso ay awtomatikong mawawalan ng bisa sa Disyembre 31, 2020.

- **Permiso Para sa Pagkain sa Sidewalk – Kailangan para sa kainan sa sidewalk at parklet: Ang bayad ay $233 dagdag pa ang taunang bayad sa Lisensiya na $2.23 bawat square feet.**
  - Ang bayad ay tinatanggal para sa mga negosyo na nag-aaplay ng pagtanggal dahilan sa COVID -19.
  - Ang Permiso ay awtomatikong mawawalan ng bisa sa Disyembre 31, 2020.

SEKSIYON 2. Kung ang anumang probisyon ng Kautusang Pampublikong ito o ang aplikasyon nito ay pinawalang bisa ng isang korte na may karampatang hurisdiksiyon, ang pagpapawalang bisa na ito ay hindi makakaepekto sa ibang probisyon, seksiyon, o aplikasyon na Kautusan o Resolusyon na ito na maaaring makapagbigay ng epekto kahit na wala ang pinawalang bisa na probisyon o aplikasyon, at sa ganoon ngang pangyayari ang bawat parirala, seksiyon, pangungusap o salita ay dinedeklarang pwedeng tanggalin.

SEKSIYON 3. Ang anumang paglabag sa Pampublikong Kautusan sa itaas ay maaaring isangguni sa Office of the City Attorney para sa paguusig sa ilalim ng Municipal Code Chapter 1.20 ng Glendale na nagbibigay ng multa na hindi hihigit sa $1,000 o pagkabilanggo ng hindi hihigit sa anim na buwan. Ang bawat indibidwal na opisyal ay dapat gumamit ng kaniyang pagpapasiya sa pagpapatupad ng kautusang ito at dapat laging isaisip ang layunin ng kautusan. Ang mga paglabag ay maaari ding mapagtibay ng probisyon ng Municipal Code Chapter 1.24 ng Glendale, na nagpapataw, kasama ng iba pang mekanismo ng pagpapatupad na nakasaad doon, ng multang $400 para sa unang paglabag, $1000 para sa pangalawang paglabag, at $2000 para sa pangatlong paglabag.

SEKSIYON 4. Ang Resolusyong ito at ang mga kaugnay na kautusan ay hindi pumapalit sa anumang mas mahigpit na limitasyon na ipinatutupad ny County of Los Angeles o ng Estado ng California.

*Pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale ngayong ika 30 ng Hunyo, 2020.*

Mayor

ATTEST:

City Clerk

CITY ATTORNEY

DATE 6/30/2020

APPROVED AS TO FORM

Attest - Patunay
City Clerk – Kawani ng Lungsod
City Attorney – Abogado ng Lungsod
Date – Petsa
Approved As To Form – Inaprubahan Bilang Form

ESTADO NG CALIFORNIA )
COUNTY NG LOS ANGELES ) SS.
LUNGSOD NG GLENDALE )

Ako si, Aram Adjemian, City Clerk ng Lungsod ng Glendale, ay nagpapatunay na ang naunang Resoluyson Blg. 20-95 ay pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale, California sa kanilang regular na pagpupulong na ginanap noong ika 30 ng Hunyo, 2020, at ito ay pinagtibay ng mga sumusunod na boto:

Oo: Brotman, Devine, Kassakhian, Najarian, Agajanian
Hindi: Wala
Hindi Dumalo: Wala
Hindi Bumoto: Wala

City Clerk

**LUNGSOD NG GLENDALE, CALIFORNIA**
**ULAT SA KONSEHO NG LUNGSOD**

## MGA TATALAKAYIN

Ulat: COVID-19 Update; Pagsasaalang-alang sa Pagpapalawig o Pag-amenda sa Kautusang Pampubliko para sa Moratoryum sa Komersiyal at Residensiyal na Ebiksiyon o Pagpapaalis, Pagpigil sa Pagtaas ng Renta at Paggamit ng Mga Pantakip sa Mukha.

1. Resolusyong Binabago/Pinapalawig ang Kautusang Pampubliko na may Kaugnayan sa Pagpigil sa Komersiyal na pagpapaalis.

2. Resolusyong Binabago/Pinapalawig ang Kautusang Pampubliko na may kaugnayan sa Residensiyal na Pagpapaalis.

3. Resolusyong Binabago/Pinapalawig ang Kautusang Pampubliko na may Kaugnayan sa Pagpigil sa Pagtaas ng Pangresidensiyal na Renta

4. Resolusyong Binabago/Pinapalawig ang Kautusang Pampubliko tungkol sa Mga Pantakip sa Mukha.

5. Resolusyong Pinagtitibay ang Kautusang Pampubliko na Tinatanggal ang Bayad na Kaugnay sa Permiso sa mga Pagkain sa Labas para sa Al Fresco Program.

## AKSIYON NG KONSEHO

**Uri ng Item: Aksiyon**

**Inaprubahan para_________ calendar**

## AKSIYONG ADMINISTRATIBO

**Isinumite ni:**
Michael J. Garcia, City Attorney
Yasmin K. Beers, City Manager

**Inihanda ni:**
Michael J. Garcia, City Attorney

Ba

**Nirebisa ni:**
Michele Flynn, Director of Finance
Roubik R. Golanian, P.E., Assistant City Manager
Michael J. Garcia, City Attorney

**Inaprubahan ni:**
Yasmin K. Beers, City Manager

## REKOMENDASYON

Inirerekomenda na tanggapin ng Konseho ang COVID -19 update at isaalang-alang kung babaguhin/papalawigin ang Kautusang Pampubliko na may kaugnayan sa residensiyal at komersiyal na pagpapaalis, ang pagpigil sa residensiyal na pagtaas ng upa at mga Paggamit ng Pantakip sa mukha. Inirerekomenda rin na pagtibayin ng Konseho ang Kautusang Pampubliko ng Director of Emergency Services na i-waive pansamantala ang hindi pagsingil sana pumipigil sa mga bayad sa pansamantala ang singil sa sertipikasyon ng occupancy at pagkain sa sidewalk ng mga negosyong restawran na nagbago ng kanilang pagpapatakbo ng negosyo upang maisama ang pagkain sa labas bilang tugon sa COVID -19.

## BACKGROUND/PAGSUSURI

Mula nang idineklara ng Lungsod ang estado ng emerhensiya noong Marso 16, 2020 bilang tugon sa wala pang katulad na epidemyang COVID -19, ang Lungsod ay nagpatupad ng ilang mga hakbang upang protektahan ang buhay, pag-aari at pampublikong kalusugan at kaligtasan, kasama ang mga hakbang pangregulasyon, pagsisikap na mapaunlad ang ekonomiya, at proteksiyon at tulong upang matulungan ang mga naninirahan at mga negosyo. Ang mga hakbang pangregulasyon ay ang mga sumusunod:

- Pagdeklara ng Estado ng Emerhensiya
- Pagpapatupad ng Pagpigil sa residensiyal na pagpapaalis, na may bisa hanggang Hunyo 30, 2020.
- Pagpapatupad ng pagpigil sa komersiyal na pagpapaalis, na may bisa hanggang Hunyo 30, 2020.
- Pagpapatupad ng pagpahinto sa pagtaas ng renta para sa residensiyal, na may bisa hanggang Hunyo 30, 2020.
- Isang emerhensiya para sa pampublikong kautusan na humihingi ng pagsusuot ng takip sa mukha tuwing umaalis ng kanilang tirahan, na may bisa hanggang Hunyo 30, 2020.

Bilang karagdagan, ang Konseho ng Lungsod ay umusad na sa pagpapatupad ng mga pagsisikap upang mapaunlad ang ekonomiya na ang layunin ay makapagbigay ng mapagkukunan o tulong pinansiyal para sa mga lokal na negosyo na masama ang naging kalagayan dahilan sa pagbagsak ng ekonomiya dulot ng COVID -19. Noong Mayo 19, 2020, inatasan ng Konseho na maglaan ng pondo para sa ilang pagpapaunlad ng ekonomiya at programa para sa pagbangon ng negosyo para sa pondo ng taong 2020-21 galing sa Measure S funding, kasama ang: Programa para sa pagtulong at pagbangon ng maliliit na negosyo, Tulong para sa Personal Protective Equipment (PPE), Suporta sa Arts Programming, ayuda sa pagaalaga ng mga bata, at Enhancing Access to Emergency Recovery. Kaugnay nito, nag-anunsiyo kamakailan lamang ang Lungsod ng tatlong grant programs na nagkakahalaga ng $2.75 milyon para sa pagbangon sa COVID -19 ng mga

negosyo at mamamayan: (1) Emerhensiyang Ayuda para sa Programa ng Tulong sa Renta ($572,500 galing sa CDBG-CV), na nag-aalok ng hanggang $1,500 na pinakamalaking tulong para sa mga nanirahan sa Glendale na may maliit na kita: (2) Programang tulong sa may mababang kita na maliliit na Negosyo ($572,500 galing sa CDBG-CV) na magbibigay sa hanggang 114 na hindi esensiyal na mga negosyo at restawran na naapektuhan ng COVID -19 ng minsang $5,000 na tulong upang maalalayan ang mga gastusin ng negosyo at pag-iwas sa pagtanggal ng mga empleyado na maliit ang mga sweldo, at (3) Tulong Para sa Pagbangon ng Maliliit na Negosyo ($1,600,000 galing sa Glendale Measure S) na tutulong sa 320 na mga negosyonga mayroong 500 o mas kakaunti pang empleyado sa pamamagitan ng $1,500 na ayuda.

**Pagbabago/Pagpapalawig sa Emerhensiyang Kautusang Pampubliko na may Kaugnayan sa Ebiksiyon at Pagpigil sa Pagtaas ng Renta.**

Tulad ng nabanggit sa itaas, ang Kautusang Pampubliko sa residensiyal at komersiyal na ebiksiyon at pagtaas ng renta sa mga residensiyal ay mawawalan ng bisa sa Hunyo 30, 2020. Ang Resolusyon para palawigin ang pagpigil sa sa pagtaas ng renta ay maisasama kung nanaisin ng Konseho na palawigin yaon. Ang mga kawani ay walang rekomendasyon sa pagpapalawig ng kautusang ito.

Bilang paghahambing, nakasaad sa listahan sa ibaba ang mga petsa ng pagtatapos ng mga kautusan ukol sa pagpigil sa pagpapaalis at pagtaas ng renta galing sa survey jurisdictions:

| Hurisdiksiyon | Moratoryum sa Ebiksiyon | Pagpapatupad ng Walang Pagtaas ng Renta (Rent Freeze) |
|---|---|---|
| Burbank | Hulyo 31, 2020 | Walang Rent Freeze |
| Culver City | Mas maaga sa8/31/2020 o sa katapusan ng emerhensiya | Walang Rent Freeze |
| Lungsod ng Los Angeles | Residensiyal: Habang may emer-hensiya at 12 buwan pagkatapos.<br>Komersiyal: Habang may lokal na emerhensiya at 3 buwan pagkatapos. | 1 taon pagkatapos ng emerhensiya kung hindi payag ang HCIDLA |
| Countv ng Los Angeles | Hunyo 30, 2020 | Hunyo 30, 2020 |
| Pasadena | Hunyo 30, 2020 | Walang Rent Freeze |
| Pasadena | Pagkatapos ng lokal na emerhensiya o emerhensiya ng lokal na pangakalu-sugan | Walang Rent Freeze |
| Santa Monica | Hulyo 31, 2021 | Walang Rent Freeze |

| | | |
|---|---|---|
| California Judicial Council | May bisa hanggang 90 araw pagkata-pos na ideklara ng Gobernador na tapos na ang emerhensiya o hanggang masusugan o ipawalang bisa ng Judicial Council. | Walang Rent Freeze |

**Kautusan sa Pagtatakip ng Mukha**

Ang Kautusang Pampubliko na humihingi ng pagtatakip ng mukha kapag umaalis ng tirahan ay mawawalan din ng bisa sa Hunyo 30, 2020. Ang pinaka bagong kautusan ng Lungsod tungkol sa pagtatakip sa mukha ay kalakip nito bilang Exhibit 1.

Sa binagong kautusang Safer at Home and at Work ng County noong Hunyo 18, 2020, ipatutupad ang: •

"Lahat ng tao ay kailangang magsuot ng takip sa mukha na tela na natatakpan ang ilong at bibig tuwing lalabas ng tirahan at maaaring makikisalamuha o maglakad nang malapit o malampasan ang ibang tao na hindi kasambahay sa publiko man o pribadong lugar, sa loob man o labas ng bahay."

Ang Estado ng California ay nagpatupad din ng mga gabay sa buong estado (Exhibit 2) na magpapatupad sa bawat tao na magsuot ng takip sa mukha kapag:

- Nasa loob, o nakapila para pumasok, sa loob o labas ng publikong lugar.
- Nagpapagamot sa mga lugar na, bagama't hindi limitado sa, hospital, parmasya, medical klinik, laboratoryo, opisina ng doctor o dentista, klinika ng beterinaryo o blood bank
- Naghihintay ng sakyan sa pampublikong transportasyon o paratransit o habang nasa taksi, pribadong naghahatid na sasakyan, o nakikihati sa pagsakay sa sasakyan;
- Habang nagtatrabaho, maging sa lugar ng trabaho o wala sa lugar ng trabaho kung:
    - Nakikisalamuha sa ibang tao sa publiko;
    - Nagtatrabaho kahit saang lugar na binibisita ng publiko, kahit na wala naming tao sa kasalukuyan;
    - Nagtatrabaho kahit saang lugar na pinaghahandaan ng pagkain o binabalot para ibenta o ipinamamahagi sa ibang tao;
    - Nagtatrabaho o naglalakad sa lugar na ginagamit ng lahat, gaya ng pasilyo, hagdanan, elevators, at lugar paradahan;
    - Kahit saang silid o saradong lugar kung saan ang ibang tao (maliban sa miyembro ng bahay o tirahan) ay naroon at hindi mapatupad ang sapat na distansiya sa kapwa tao.
- Nagmamaneho o nagpapatakbo ng pampublikong sakayan o paratransit, taksi, o pribadong sasakyang pambribadong serbisyo o nakikihati sa sasakyan kung saan mayroong mga pasahero. Kung walang pasahero, mahigpit pa ring rekomendado ang pagsusuot ng takip sa mukha.

- Habang nasa labas ng pampublikong lugar kung ang pagdistansiya sa kapwa ng 6 na talampakan sa bawat tao na hindi kasambahay ay hindi maaaring gawin.

Ang ulat na naghahambing sa kautusang pagtatakip ng mukha sa Estado, Los Angeles County at ng Lungsod ng Glendale, kasama ang mga paglalapat at mga eksepsiyon, ay kalakip nito bilang Exhibit 3.

Maaaring palawigin ng Konseho ang kautusang pagtatakip ng mukha o umasa na lamang sa kautusan ng Estado at Los Angeles County. Kung palalawigin ng Konseho ang kautusan, inirerekomendang palawigin ito ng Konseho sa buong panahon ng emerhensiya. Kung pinahihintulutan ng mga pangyayari, ang Konseho o ang Director of Emergency Services ay ay awtorisadong tanggalin ang pagpapatupad ng kautusan nang mas maaga.

**<u>Pagtanggal ng Singil sa Permiso sa Outdoor Dining o Pagkain sa Labas (Al Fresco)</u>**

Bilang bahagi ng estratehiya ng City sa Pagbangon ng mga Negosyo, ang Konseho ay nag-atas sa mga kawani na ipatupad ang Al Fresco Glendale Program para mapalakas ang pagkain sa labas sa mga pribadong lugar paradahan, sa mga paradahan sa kahabaan ng kalsada, at sa sidewalk kung saan ang sapat na pagdistansiya sa kapwa ay nagagawa para sa mga nagdadaang kostumer. Bilang bahagi ng programa, ang Konseho ay nakikiisa sa rekomendasyon ng mga kawani na ang Director of Emergency Services ay magpalabas ng kautusang pampubliko na tanggalin ang bayad sa permisong kailangan ng mga negosyo para sa pagkain sa labas upang mahikayat ang paggamit ng Programa. Ang Director ay naglabas ng Pang-emerhensiyang pPampublikong Kautusan (No. 2020-10) noong Hunyo 16, 2020, na tinatanggal ang nasabing bayad hanggang Agusto 31, 2020. Bilang isang kondisyon ng Municipal Code ng Glendale, ang mga kawani ay humihingi ng pagpapatibay ng Konseho ng Emerhensiyang Kautusang Pampubliko.

**<u>Piskal na Epekto</u>**

Tinatantiya ng mga kawani na ang pagtanggal ng bayad na may kinalaman sa permiso ng pagkain sa labas para mapatupad ang programa ng Al Fresco ay magkakaroon ng fiscal impact o piskal na epekto na humigit kumulang sa $44,000, sa taya na pagtulong sa 50 negosyo, base sa mga sumusunod na mga pagpapalagay:

**<u>Mga Negosyong gumagamit ng 1,000 SF Parklets</u>**

- $233 bayad sa permiso x $2.23/sf
- Negosyong nakikihati sa parklets, gumagamit ng 500 square feet bawat isa
- Mga 15 negosyo ang gagamit ng parklets
- Karaniwang bayad bawat negosyo: $1,348
- Kabuuang estimate sa Pagtanggal ng Bayad para sa 15 negosyo na gumagamit ng Parklets: $<u>20,220</u>

**<u>Mga Negosyong gumagamit ng pinalawig na Permiso sa Paggamit ng Sidewalk</u>**

- $233 bayad sa permiso x $2.23/sf

- Tinatayang 250 sf ng panglabas na lugar kainan/negosyo
- Mga 15 negosyo na gumagamit ng pinalawig na permiso
- Karaniwang bayad sa bawat negosyo: $790
- Kabuuang estimate sa Pagtanggal ng Bayad para sa 15 Negosyo Nagpapalawig sa Pagkain sa Sidewalk: $11,857.

**Mga Negosyong gumagamit ng Pansamantalang Certificate of Occupancy**

- Bayad sa TCO ay $166/oras
- Tinatayang 3.5 oras/permiso
- Mga 20 negosyo na gumagamit ng permiso
- Karaniwang bayad bawat negosyo: $581
- Kabuuang estimate sa Pagtanggal ng Bayad para sa 20 negosyo na gumagamit ng Pribadong Lugar Paradahan: $11,620.

**MGA ALTERNATIBO**

1. Ang Konseho ay maaaring magbago o magpalawig ng kautusang pampubliko na may kaugnayan sa pagpigil sa residensiyal at komersiyal na pagpapaalis, pagpigil sa pagtaas ng renta pang residensiyal, at pagpapatupad ng pagtakip sa mukha.

2. Maaaring piliin ng Konseho na hindi baguhin o palawigin ang kautusang pampubliko na may kaugnayan sa residensiyal at komersiyal na pagpapaalis, pagpigil sa pagtaas ng renta pang residensiyal at pagpapatupad ng pagtakip sa mukha, at hayaan na lamang na mawalan ng bisa sa Hunyo 30, 2020.

3. Ang Konseho ay maaaring pumili ng alternatibong hindi mula o alam ng mga kawani.

**PAGHAHAYAG NG KAMPANYA**

Hindi naaangkop.

**MGA EKSIBIT**

1. Resolusyon Blg. 20-62 Ukol sa Kautusang Pagtatakip ng Mukha

2. Gabay ng Estado ng California Guidance sa Paggamit ng Takipsa Mukha

3. Listahang Naghahambing sa mga Ipintutupad ng Estado ng California, ng County ng Los Angeles at ng Lungsod ng Glendale Tungkol sa Pagtatakip ng Mukha

DocuSign Envelope ID: A10C12C0-E73D-47F2-902D-A2FBCEFS871C

# Exhibit 1

**RESOLUSYON BLG.______**

**RESOLUSYON NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE, CALIFORNIA, NA NAGPAPALAWIG SA NAUNANG RESOLUSYON NA NAGBIBIGAY NG KAUTUSANG PAMPUBLIKO PARA SA PAGTATAKIP NG MUKHA SA ILALIM NG AWTORIDAD PANG EMERHENSIYA NG LUNGSOD NG GLENDALE TUNGKOL SA COVID -19; AT PARA SA IBA PANG KAUGNAY AT MGA LAYUNIN NA NAAAYON SA BATAS.**

**Samantalang**, ang internasyonal, nasyonal, estado, at lokal na awtoridad sa kalusugan ng gobyerno ay tumutugon sa pagkalat ng sakit sa paghinga gawa ng Coronavirus Disease 2019 (COVID -19), isang napakalubhang sakit sa paghinga na galing sa bagong coronavirus. Ang mga sintomas ng virus ay kasama ang lagnat, ubo, at pagkakapos ng hininga, at ang mga nahawang mga tao ay nakakaranas ng ibat ibang resulta, mula sa banayad na sakit hanggang sa malubhang karamdaman at kamatayan; at

**Samantalang**, noong Marso 4, 2020, ang Gobernador ng Estado ng California ay nag-deklara ng “state of emergency” upang makapaglagay ng mga karagdagang mapagkukunan, ipagtibay ang mga aksyong pang-emerhensiya na isinasaayos sa maraming mga ahensya at kagawaran ng estado, at tulungan ang Estado na maghanda para sa mas malawakang pagkalat ng COVID-19; at

**Samantalang**, noong Marso 4, 2020, ang Board of Supervisors ng Los Angeles County at ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan ay nag-deklara ng lokal at pampublikong pangkalusugang emerhensiya upang tumugon sa tumaas na paglaganap ng corona virus sa buong bansa; at

**Samantalang** noong Marso 13, 2020, idineklara ng Pangulo ng Estados Unidos ng Amerika ang pambansang emerhensiya at inihayag na ang pamahalaang pederal ay magkakaroon ng pondong pang-emerhensiya na gagamitin sa pagtulong sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan sa pagpigil sa pagkalat at pagtugon sa mga epekto ng COVID-19; at

**Samantalang,** noong Marso 16, 2020, ang Konseho ng Lungsod ng Glendale, alinsunod sa Glendale Municipal Code Kabanata 2.84, ay nagpahayag ng pagkakaroon ng lokal na emerhensiya at iniutos ang pagsasara at paglilimita sa pagpasok sa ilang mga pampublikong establisimiyento; at

**Samantalang,** ang mga pagsisikap na ginawa ng mga mamamayan ng Estado ng California, County of Los Angeles at Lungsod ng Glendale sa loob ng nakaraang ilang buwan para mapababa ang pagkalat ng coronavirus ay nagpakita ng sapat na tagumpay kaya ang Health Officer ng County ay patuloy na pumapayag sa maingat, at dahan-dahang pagbalik ng maraming negosyo, sosyal, at iba pang mag aktibidad; at

**Samantalang,** habang ang Lungsod ay naglalapat ng mga karagdagang bahagi ng muling pagbubukas, ang mga tao ay tataas ang mga pakikisalamuha sa kapwa tao, na lilikha ng panganib na ang pagkalat ng virus ay tataas at ang isa sa mga pinakamalakas na proteksiyon ay tayo, bilang isang lipunan, ay magpatupad habang pinagpapatuloy ang pakikisalamuha sa kapwa tao na dagdagan ang ating paggamit ng Takip sa Mukha; at

**Samantalang**, malaking ebidensiyang pag-agham ay nagpapakita na kapag ang kumbinasyon ng pagdistansiya sa kapwa tao at iba pang mga hakbang pangkalusugan at pangkaligtasan gaya ng paghuhugas ng kamay at regular na disinfection ng mga bagay, pagsusuot ng Takip sa Mukha ay nagpapahintulot ng pagbalik sa mga karagdagang akitibidad sa pinakaligtas na paraan, at habang tayo ay mas lumalabas sa komunidad, dapat tayong magkaroon ng karagdagang hakbang para maprotektahan ang mga nakapaligid sa atin. Sa paggawa nito, hindi lamang natin pinoprotektahan ang ating kapwa miyembro ng komunidad, at sa huli ang atin ding sarili at ating mga mahal sa buhay, lalo na yung mga nasa panganib dahilan sa kanilang edad o kundisyung

pangkalusugan; at

**Samantalang,** sa pamamagitan ng pagsiguro na ang mga tao sa pangkalahatan ay nagsusuot ng Takip sa Mukha kapag nasa publikong lugar, ang Lungsod ay mas may kakayanan na magpatuloy sa pagbukas ng mga negosyo at bumalik sa mga aktibidad sa mas ligtas na paraan para sa kabutihan ng lahat at dahilan sa mga bagay na ito, ang Kautusang Pampubliko tungkol sa Takip sa Mukha ay binabago para matugunan ang mga kaganapan sa pagtaas ng mga aktibidad; at

**PINAGTITIBAY NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE na:**

SEKSIYON 1. Ang Kautusang ito ay magkakabisa sa 11:59 pm ng Hunyo 3, 2020, at patuloy na may bisa hanggang Hunyo 30, 2020, at binabago nito at pinapalitan ang Resolusyon Blg. 20-55.

A. Tulad ng paggamit sa Kautusang ito, ang "Takip sa Mukha" ay nangangahulugan ng Pantakip na yari sa tela, kayo o iba pang malambot o bagay na permeable na walang butas, na tumatakip lamang sa ilong at bibig at sa paligid ng ibabang bahagi ng mukha. Ang Pantakip na nagtatago o nakakasagabal sa mata o noo ng may suot ay hindi isang Pantakip sa mukha. Kabilang sa mga halimbawa ng Pantakip sa Mukha ay ang scarf o bandana; a neck gaiter; isang gawa sa bahay na Pantakip na yari sa t-shirt, sweatshirt, o tuwalya, na nilagyan ng goma o kung hindi man; o isang maskara na hindi naman kailangan na medical grade. Ang Pantakip sa Mukha ay maaaring gawa sa factory, o maaaring gawa sa kamay at ginwan ng paraaan galing sa ordinaryong gamit sa bahay. Ang takip sa mukha dapat ay komportable, na dapat ay nakakahinga ang may suot sa ilong at hindi kailangan na ayusin ito ng madalas, upang maiwasan na hipuin ang mukha. Para sa mga takip sa mukha na hindi tinatapon pagkatapos gamitin, dapat ay nililinis ito ng madalas ng may gamit at dapat ay meron ding extra na Pantakip upang lagi silang mayroong malinis na magagamit. Ang impormasyon sa paglilinis ng Takip sa Mukha ay makikita mula sa CDC sa https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/prevent-getting- sick/how-to-wash-cloth-face-coverings.html.

   Habang kaunti ang makukuhang medical-grade na Pantakip sa mukha gaya ng N95 na maskara at surgical mask, ang publiko ay hindi dapat bumili nito upang gamiting Pantakip sa mukha sa ilalim ng kautusang ito, ang mga medical-grade na maskarang yaon ay nakareserba para sa mga tagapangalaga ng kalusugan at first responders.

   Ang maskara na mayroong one-way valve (pangkaraniwan ng isang plastic na cylinder halos kasing laki ng isang quarter sa may harap o gilid ng maskara) na nadisenyo para makatulong sa magaan na paghinga at pinapayagan na may bumagsak na droplets galing sa maskara, na naglalagay sa panganib sa ibang tao sa paligid. Dahil dito, ang ganitong maskara ay hindi maituturing na Pantakip sa mukha sa ilalaim ng kautusang ito at hindi dapat gamitin sa pagsunod sa pangangailangan ng kautusang ito.

   Isang video na nagpapakita kung paano gumawa ng Pantakip sa mukha at iba pang impormasyon kung paano ang pagsuot at paglinis ng Pantakip sa mukha ay maaaring Makita sa CDC website, sa https://www.cdc.gov/coronavirus/2019- ncov/prevent-getting-sick/diy-cloth-face- coverings.html.

B. Ang bawat tao sa Lungsod ay dapat magsuot ng Pantakip sa Mukha kung nasa labas ng bahay, tirahan, o ibang lugar na kanilang pinupuntahan (kung "Nasa labas ng Tirahan") sa lahat ng pagkakataon maliban na lang sa sumusunod:

   1. Mga batang edad 2 taon pababa (kasama ang mga sanggol) ay hindi dapat magsuot ng takip sa mukha na tela. Para sa mga nasa edad 2 at 8, ay dapat gumamit nito sa ilalim ng

pangangalaga ng matatanda upang matiyak ang maluwag na paghinga ng bata at maiwasan ang pangangapos ng hininga. Ang mga batang may problema sa paghinga ay hindi dapat magsuot ng takip sa mukha. Ang mga tao na merong kapansanan, kapag sumali sa pinapayagang aktibidad ay hindi kasama sa pagsusuot ng Pantakip sa mukha kung magagawa nilang magkaroon ng distansiya sa kapwa tao at masunod ang lahat ng ipinag-uutos ng gobyerno at ng Los Angeles County Public Health protocols, na maaaring makuha sa: http://www.lapublichealth.org/media/Coronavirus/docs/HO O/HO Order COVID-19 Safer at Work and in the Community 05292020 FINAL WithAppendices.pdf. Para sa mga esensiyal na mga negosyo, (i) ang abiso ng protocol ay dapat ipaskil sa o malapit sa harapan ng pasilidad upang madaling makita ng publiko at mga empleyado; at (ii) ang mga kopya ng protocol ay dapat ibigay sa bawat empleyado na nagtatrabaho sa pasilidad; at (iii) ang mga negosyo ay dapat magbigay ng patunay ng kanilang pagpapatupad ng mga protokol sa sinumang nagpapasunod na awtoridad ng kautusang ito kapag hiningi.

2. Ang isang tao ay hindi na kailangang magsuot ng Pantakip sa mukha kung (i) kung nag-iisa o kasama lamang ang ibang nakatira sa bahay o sa nakakulong na lugar, gaya ng kapag nasa lugar ng trabaho, (ii) kung walang ibang tao sa pagitan ng anim na talampakan, at (iii) ang iba pa, kung ang kapwa manggagawa, kostumer, kawani ng gusali, o publiko, ay hindi naman dapat nasa parehong lugar sa loob ng ilang minute sa loob ng mga sumusunod na araw. Ang Pantakip sa mukha ay dapat isuot kung ang isang tao ay nagtatrabaho o may ginagawa na laging may ibang tao, kahit na ang tao ay nagiisa sa panahon na iyon dahilan sa panganib na mahawaan ang mga bagay na maaaring hawakan ng ibang tao. Bilang isang halimbawa at walang limitasyon, ang Pantakip sa Mukha ay dapat isuot kung ang isang tao ay may kahati o nakikibahagi sa paggamit sa upuan o isang opisina na merong kapwa mangagawa sa salitang oras o sa isang lugar kung saan ang mga kagamitan, gaya ng tools, mga suplay, copiers o kahit na computer ay merong ibang gumagamit. Ang Takip sa Mukha ay dapat ding isuot ng isang tao gaya ng tubero, guro, tagapangalaga, katulong o tagalinis ng bahay na bumibisita sa ibang bahay o anumang tirahan pupang magtrabaho, at ang sinumang nakatira doon ay dapat ding magsuot ng Pantakip sa mukha kung malapit sa bisita.

Ang Takip sa Mukha ay hindi dapat isuot kung ang isang tao ay nag-iisa sa isang pribadong opisina o lugar na hindi naman pinaghahatian at hindi naman dapat binibisita ng ibang tao nang walang pasabi, ngunit kung ang ibang tao ay lumapit sa malapit sa lugar at maaaring magtagal na malapit, pareho silang dapat magsuot ng takip sa mukha sa buong panahon na sila ay magkalapit.

At ang sinumang naghahanda ng pagkain o ibang bagay na ibinebenta o kinakalat sa ibang tao ay kailangan na magsuot ng Takip sa Mukha sa lahat ng oras habang naghahanda ng nasabing pagkain o ibang bagay, kahit na nagiisa sila sa kanilang paggawa.

3. Ang isang tao ay hindi kailangang magsuot ng Takip sa Mukha kung nasa sasakyan kung nag-iisa man o kasama lamang ang mga kasambahay, maliban na lamang kung ibababa nila ang bintana sa kung anumang dahilan upang makisalamuha sa first

responders, gaya ng kawani sa tindahan ng pagkain o iba pang taong hindi miyembro ng kanilang tirahan.

4. Ang isang tao ay hindi dapat magsuot ng Takip sa Mukha kung maipapakita nilang ang pagsusuot ng Takip sa Mukha habang nasa trabaho ay maaaring maging sanhi ng panganib sa tao na may kaugnayan sa kanilang trabaho na maaaring matukoy ng lokal, estado o federal regulators o ng panuntunan sa ligtas na paggawa. Ang Takip sa Mukha ay hindi din dapat isuot ng mga taong may problema sa paghinga o walang malay, walang kakayanan, o kaya ay hindi kayang magalis ng Takip sa Mukha ng walang tumutulong. Ang isang tao ay hindi dapat magsuot ng Takip sa Mukha kung ang pagsusuot ng Takip sa Mukha habang nagtatrabaho sa labas, ay maaaring magbigay ng panganib dahilan sa ang kanilang trabaho ay nangangailangan ng malaking pilikal na gawain, gaya ng pagtayo o paglalakad ng mahabang oras sa isang araw at maaaring malimitahan ang pakikiharap sa publiko ng 6 na talampakan sa lugar ng trabaho at gayundin ang sapat na paglayo sa kapwa manggagawa.

5. Ang isang tao ay hindi dapat magsuot ng Takip sa Mukha kung nag-iisa sa labas o kasama ang miyembro ng bahay o tirahan at meron silang Takip sa Mukha na nakikita naman at maaaring gamitin na Pantakip sa ilong at bibig (gaya ng nakasabit sa kanilang leeg) at wala naming iba (ibang miyembro ng kanilang tirahan) ay nasa labas sa loob ng 30 talampakan (10 yarda) sa kanila. Nirerekomenda na ang mga tao sa loob ng parehong bahay o tirahan ay magsuot ng Takip sa Mukha kung nasa labas, kahit na wala naming ibang tao sa paligid, sa anomang oras ay maaaring may lumitaw na ibang tao ng walang pasabi. Bilang batayan, ang 30 talampakan ay halos kapareho ng haba ng dalawang kotse na magkasunod. Kapag may mga taong palapit sa isat isa at maaaring lumampas sa mga susunod na segundo, dapat silang magsuot ng Takip sa Mukha kung sila ay nasa loob ng 30 talampakan. Ang 30-foot rule na ito ay inilalapat kahit na ang mga tao ay nasa sidewalk, sa parke, o sa kalsada o trail, o kahit na saang lugar sa labas, at kahit na sila ay naglalakad, tumatakbo, nagbibisekleta, o nag-eehersisyo, nakatayo, o nakasakay sa transportsyon gaya ng motorsiklo, skateboard, moped, o scooter. Ang 30 talampakan (10 yarda) na layo ay ginagamit dito upang bigyan ang mga tao ng sapat na oras upang magsuot ng Takip sa Mukha bago lumapit ang distansiya at ang mga tao ay nasa loob ng anim na talampakan sa isat isa, na maglalagay sa kanila sa mas malaking panganib na mahawahan ng virus. Habang maraming aktibidad ang pinapayagan, mas maraming tao ang mapapalapit sa isat isa nang walang masyadong gaanong babala, na magiging mahalaga ang pagsusuot ng Takip sa Mukha kung ang mga tao ay nasa loob ng 30 talampakan.

6. Ang isang tao ay hindi dapat magsuot ng Takip sa Mukha kung (i) nag-iisa o kaya ay kasama ang miyembro ng bahay o kanilang tirahan. (ii) kung kumakain o umiinom, nasa loob man o labas at (iii) walang sinoman ang malapit sa loob ng anim na talampakan. Kung may nagsisilbi ng pagkain gaya ng restawran, ang mga tuntunin na ibinigay ng estado o ibang kautusan ng Health Officer o direktiba ay dapat masunod at maaaring mangailangan ang mga nagsisilbi na magsuot ng Takip sa Mukha.

7. Ang mga Public safetyfirst responder personnel ay magsusuot ng

proteksiyon na takip sa mukha na alinsunod sa patnubay ng Centers for Disease Control at bilang paguutos ng mga patakaran sa departamento ng Lungsod ng Glendale.

C. Anuman ang mga pagbubukod na nakalista sa itaas, ang Pagtakip sa Mukha ay kailangan sa mga sumusunod:

1. Ang isang tao ay kailangan magsuot ng Takip sa Mukha kung hinihiling ng ibang kautusan ng Health Officer o inaatasan na magsuot ng Takip sa Mukha, kasama ang mga pangangailangan ng ibang kautusang mas mahigpit kaysa sa kautusang ito.

2. Ang isang tao ay kailangang magsuot ng Takip sa Mukha kung sila ay nagtatrabaho sa isang lugar na kung saan ang mga pagkain o ibang kalakal ay hinahawakan, hinahanda o binabalot upang ibenta o ipamahagi sa iba. Ang pangangailangang ito ay hindi inilalapat kung naghahanda ng pagkain para sa miyembro ng sariling bahay o tirahan.

3. Ang isang driver o operator ng anumang pampublikong transportasyon o sasakyan na paratransit, taksi, o pribadong sasakyan na naghahatid o nakikihati sa pagsakay sa isang sasakyan ay dapat magsuot ng Takip sa Mukha habang nagmamaneho, nagpapatakbo, nakatayo, o nakaupo sa loob ng mga nasabing sasakyan, kahit na wala sinuman ang nasa sasakyan, dahilan sa pagnanais na mabawasan ang pagkalat ng mga talsik galing sa paghinga sa loob ng sasakyan sa lahat ng oras. Subalit ang mga driver o mga operator ng pampublikong sasakyan ay pinapayagan na tanggalin ang Takip sa Mukha kung nakaupo sa operator compartment ng sasakyan sa terminal, kung nakahinto ang sasakyan, at wala namang pasaherong nakasakay dahilan sa pisikal na pagkakahiwalay ng operator compartment at protokol sa paglilinis sa pagitan ng mga driver.

D. Ang layunin ng kautusang ito ay upang matiyak na ang lahat ng mga tao habang nasa labas ng kanilang tahanan sa Lungsod ay pinapayagan ng kautusan ng Safer-at-Home na magsuot ng Takip sa Mukha upang mabawasan ang posibilidad na sila ay makapagkalat o mahawahan ng virus na nagiging sanhi ng COVID -19. Sa paggawa nito, ang Kautusang ito ay makakatulong na mabawasan ang pagkalat ng virus at mapaliit ang epekto sa ibang miyembro ng publiko at sa paghahatid ng kritikal na serbisyong pangkalusugan doon sa mga nangangailangan. Ang lahat ng nilalaman ng Kautusang ito ay dapat mabigyan ng kahulugan upang maging epektibo ang layunin nito.

E. Dapat pahintulutan ng mga may-ari ang kanilang mga empleyado na maghugas ng kamay kahit na tuwing ika 30 minuto. Ang lahat ng mga nasabing may-ari ay dapat magbigay, sa kanilang sariling gastos, ng non-medical grade na Pantakip sa mukha sa kanilang mga empleyado. Dapat tiyakin ng mga may-ari na ang kanilang empleyado ay mayroong malinis na palikuran, na mayroong mga kailangang panglinis; o mga sanitizing agents na kailangan upang masunod ang protokol sa paglilinis ng kamay na rekomendado ng Department of Public Health ng Los Angeles County, na ibinibigay sagot ng may-ari ang gastos. Ang lahat ng may-ari ay dapat magpasunod ng sapat na agwat sa kapwa tao para sa mga kostumer, bisita, at empleyado na magbibigay ng agwat na anim na talampakan, hanggat maaari, sa pagitan ng bawat tao. Ang lahat ng mga kostumer at bisita ay dapat magsuot ng takip sa mukha sa ibabaw ng kanilang ilong at bibig upang makapagbigay ng karagdagnag proteksiyon sa empleyado at kustomer. Ang may-ari ng negosyo o operator ay maaaring tanggihan ang pagpasok o serbisyo sa isang tao na hindi nakasuot ng takip sa mukha na kinakailangan sa kautusang ito. Bilang karagdagan, lahat ng retail business ay hinihikayat

na maglagay ng plexiglass upang maihiwalay ang cashier at kustomer sa lahat ng punto ng bentahan.

F. Upang magkaroon ng proteksiyon laban sa corona virus at COVID -19, ang mga peace officers ay maaaring magpatupad ng pagsusuot ng takip sa mukha ang mga nabilanggo nang naaayon sa batas. Kung isang tao ay walang Pantakip sa mukha, ang opisyal ang dapat magbigay.

SEKSIYON 2. Kung ang anumang probisyon ng Kautusang Pampublikong ito o ang aplikasyon nito ay pinawalang bisa ng isang korte na may karampatang hurisdiksiyon, ang pagpapawalang bisang ito ay hindi makakaepekto sa ibang probisyon, seksiyon, o aplikasyon na Kautusan o Resolusyon na ito na maaaring makapagbigay ng epekto kahit na wala ang pinawalang bisa na probisyon o aplikasyon, at sa ganoon ngang pangyayari ang bawat parirala, seksiyon, pangungusap o salita ay dinedeklarang maaaring tanggalin.

SEKSIYON 3. Ang anumang paglabag sa Pampublikong Kautusan sa itaas ay maaaring isangguni sa Office of the City Attorney para sa paguusig sa ilalim ng Municipal Code Chapter 1.20 ng Glendale na nagpapataw ng multang hindi hihigit sa $1,000 o pagkabilanggo ng hindi hihigit sa anim na buwan. Ang bawat indibidwal na opisyal ay dapat gamitin ang kaniyang pagpapasiya sa pagpapatupad ng kautusan na ito at dapat laging isaisip ang layunin ng kautusan. Ang mga paglabag ay maaari din na mapagtibay ng probisyon ng Municipal Code Chapter 1.24 ng Glendale, na nagpapataw kasama ng iba pang mekanismo ng pagpapatupad na nakasaad doon, ng multang $400 para sa unang paglabag, $1000 para sa pangalawang paglabag, at $2000 para sa pangatlong paglabag.

SEKSIYON 4. Ang Resolusyong ito at ang mga kaukulang kautusan ay hindi pumapalit sa anumang mas mahigpit na limitasyon na ipinatutupad ng County ng Los Angeles o ng Estado ng California.

Pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale ngayong ika-2 araw ng Hunyo, 2020.

V Agajan

Mayor

PATUNAY:

Aram Adjemian

Kawani ng Lungsod

ESTADO NG CALIFORNIA )
COUNTY NG LOS ANGELES ) SS.
LUNGSOD NG GLENDALE )

Ako si, Aram Adjemian, City Clerk ng Lungsod ng Glendale, ay nagpapatunay na ang naunang Resolusyon Blg.___ay pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale, California, sa isang pagpupulong na ginanap noong ika 2 araw ng Hunyo, 2020, at ito ay napagtibay sa pamamagitan ng mga sumusunod na boto:

Oo:
Hindi:
Hindi Dumalo:
Hindi Bumoto:

Aram Adjemian
Kawani ng Lungsod

APPROVED AS TO FORM

PANGALAN Michael J. Garcia

TITULO: City Attorney

LAGDA:

PETSA June 3, 2020